Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon VI - Kanlurang Visayas
**SANGAY NG AKLAN**
Kalibo, Aklan

Hunyo 26, 2018

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 172 , s. 2018

**ULIRANG GURO SA FILIPINO 2018 NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO AT ULIRANG GURO SA FILIPINO 2018 NG SANGAY NG AKLAN**

**Para sa:** **Tagamasid Pampurok**
**Punongguro/Ulong Gurong Namumuno ng Purok**
**Punongguro/Ulong Guro ng mga Paaralang Pampubliko at Pambribadong Elementarya, Sekundarya at Integreyted**

1. Ang **Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)** at **Sangay ng Aklan** ay magtatampok ng **Ulirang Guro sa Filipino 2018** at **Ulirang Guro sa Filipino ng Sangay ng Aklan** alinsunod sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

2. Ito ay bukas sa lahat ng gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino at gumagamit ng wikang Filipino bilang midyum sa pagtuturo na lumahok sa timpalak na ito.

3. Ang Sangay ng Aklan ay magtatanghal ng sampung (10) Ulirang Guro sa Filipino. Limang (5) guro mula sa antas elementarya at limang (5) guro mula sa antas sekundarya (JHS/SHS) na tatanggap ng medalya at katibayan ng pagkilala.

4. Ang mapipili ng KWF ay siya ring hihiranging Ulirang Guro sa Filipino ng Sangay ng Aklan. Sakaling walang mapili o kulang sa limang (5) guro sa antas elementarya at limang (5) guro sa antas sekundarya ang mapipili ng KWF, ang Sangay ng Aklan ang magtatalaga ng mga hihiranging Ulirang Guro sa Filipino na naaayon sa tuntunin at krayterya na itatalaga ng kinauukulan.

